II. Kalusugan at Pagpapagamot

II-1 Pangangalagang Medikal

1. Pagpapagamot sa Bansang Hapon

Mataas ang pamantayan ng pagpapagamot sa bansang Hapon pero karamihan sa mga doctor ay hindi ipinapaliwanag ang mga detalye tungkol sa paraan ng paggamot at tungkol sa mga gamot na inireseta nito. Subali't kung nais at kinakailangang malaman ang tungkol dito ay huwag mag-atubiling magtanong sa inyong doctor tungkol dito. Madalas ay maikling oras lamang ang ginugugol ng mga doktor sa pagtingin ng mga pasyente o pagpapaliwanag tungkol dito.

Karaniwan ang pagkakaroon ng appointment kung magpapatingin sa dentista subali't karamihan sa mga ospital ay sinusunod ang sistemang first come first serve kung kaya't may pagkakataon na ikaw ay maghihintay ng matagal. Kung ikukumpara sa ibang bansa, ang mga doctor sa bansang Hapon ay nililimitahan ang pagbibigay ng painkiller.

2. Medikal Institusyon o Pagamutan

Mga uri

- Klinika (*iin*), Tanggapan ng doktor (*shinryoujo*)
- Ospital kung saan maaaring ma-admit at may kaukulang mga kagamitan sa mga pagsusuri.

Kung hindi mo matukoy ang iyong sakit o mga sintomas nito ay mabuting magpatingin o magpasuri muna sa klinika at humingi ng payo ng doktor.

Oras ng Konsulta (Pagpapatingin)

- May mga ospital na sa umaga lamang tumatanggap ng konsulta.
- Karamihan sa mga klinika at tanggapan ng doktor ay umaga't hapon ang pagtanggap ng konsulta subali't mayroon din sarado sa hapon kahit na ordinaryong araw.

Wika o Pananalita

Halos karamihan sa mga doktor ay nakakaintindi ng wikang Ingles subali't madalas na ang mga medical questionnaire ay nakasulat lamang sa wikang Hapon. Kung hindi nakakaintindi ng wikang Hapon ay maaaring gumamit ng medical questionnaire na nakasulat sa inyong sariling wika o dili kaya'y magsama ng taong marunong ng wikang Hapon.

Medical Questionnaire (sa 15 wika):http://www.k-i-a.or.jp/medical (Kanagawa Kokusai Kouriyu Zaidan) Kanagawa International Exchange Foundation

Pamamaraan ng Pagpapatingin sa Doktor

- Reception Desk: Dalhin ang valid Health Insurance card at ipakita ito sa resepsyon ng ospital, dito ay sasagutan ang medical questionnaire na ibibigay na nagtatanong tungkol sa mga sintomas na nararamdaman sa kasalukuyan at tungkol sa mga nakaraang karamdaman atbp. at maghintay na lamang sa silid-hintayan hanggang sa tawagin ang pangalan.
- Konsulta: Susuriin sa tanggapan ng doktor upang malaman ang paraan ng gamutan kung kinakailangan.
- Pagbabayad: Kunin ang mga ibibigay na gamot at maghintay na tawagin ang pangalan upang bayaran sa kahera o billing window ng ospital. Kasalukuyan ay dumarami ang mga ospital na may sistemang nagbibigay ng reseta upang ang pasyente na ang kusang bumibili nito sa botika o drugstores.

3. Pagpapaospital

Ang mga ospital sa bansang Hapon ay may mga kwartong pribado, pang-dalawahan (twin) o pangmaramihan (standard). Madalas na ang gaston sa mga kwartong pribado at pangdalawahan (twin) ay hindi sagot ng insyurans at ito ay sagutin ng taong naoospital.

Ang pagkaka-confine sa ospital sa bansang Hapon ay kadalasang mas matagal kumpara sa ibang bansa. Ito ay para maibigay ang pinakamabuting pangangalaga sa pasyente.

Karamihan sa malalaking ospital ay kadalasan ding nag bibigay ng attendant para sa pasyente, pero kung wala nito ay maaaring kumuha ng sariling attendant ang pasyente. Sa ganitong sitwasyon, maaaring sagutin ng insyurans and bayad sa attendant.

4. Mga Ospital na Nakakaintindi ng Wikang Banyaga

Para malaman ang mga Ospital na may mga staff na nakakintindin ng wikang banyaga ay maaari lamang bumisita sa website ng medical information guide para sa mga dayuhan na naksulat sa ibaba. Maaari ring tawagan ang “Osaka Information Service for Foreign Residents” na nasa ilalim ng Osaka Prefecture o ng AMDA (Association of Medical Doctors of Asia (Appendix Ⅸ-2 73page) Medical information guide para sa mga Banyaga:
URL http://www.mfis.pref.osaka.jp/ap/qq/sho/pwenglssr01_001.aspx

5. Kapinsalaan o Karamdaman sa Gabi o sa Araw na walang Pasok

Kung masugatan o magkasakit sa gabi o araw na walang pasok, maaaring magpatingin sa malapit na emergency clinic ng ospital sa inyong lugar. Subali’t maaaring hindi makaintindi ng wikang banyaga ang ospital na inyong pagdadalhan kaya’t makabubuting magsama ng taong marunong magsalita ng wikang Hapon. Tandaan na ang ibang mga pasibilidad ay maaaring bukas lamang sa mga takdang araw at oras. (Pahina ng Apendise Ⅸ-3 81 page)

Ang mga listahan ng pinakalamalipat na botika sa inyong lugar ay makikita dito:
Health Insurance Pharmacies System (English, Chinese, Korean, Japanese) URL http://kensaku.okiss.jp/Pc/